

Mga Disaster Survivor Assistance Team na Tumutulong sa mga Residente ng Maui

Release Date: Agosto 30, 2023

HONOLULU – Nasa Maui ang mga Disaster Survivor Assistance specialist ng FEMA, tinutulungan ang mga residenteng apektado ng mapangwasak na wildfire at tinutugunan ang mga agarang pangangailangan at idinidirekta sila sa iba pang mga uri ng tulong mula sa mga programa ng county, estado, pederal at nonprofit.

Ang mga team na ito ay bahagi ng paunang pangkat ng mga tumutugon na dumating sa isla at agad na nagsimulang makipagpulong sa mga nakaligtas. Ikinonekta ng mga espesyalista ang daan-daang tao sa mga tagapayo sa krisis, serbisyo ng beterano, American Red Cross at iba pang mga Voluntary Organization na Aktibo sa mga Kalamidad. Sa ngayon, ang mga team ay bumisita sa higit sa 430 tahanan at nakatulong sa higit sa 1,450 nakaligtas na mag-apply para sa pederal na tulong.

Upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga nakaligtas, ang mga team ay pupunta sa mga kapitbahayan, bibisita sa mga pansamantalang lugar ng pabahay at ginagawang handa ang kanilang sarili upang sagutin ang mga tanong sa Disaster Recovery Center. Ang mga sentro ay bukas araw-araw mula 8 a.m. hanggang 7 p.m. sa **University of Hawai'i Maui College, 310 W. Ka'ahumanu Ave., Kahului**, at **Mayor Hannibal Tavares Community Center, 91 Pukalani St., Makawao**.

Ang mga Disaster Recovery Center ay maa-access ng mga taong may mga kapansanan at may mga access at functional na mga pangangailangan. Nag-aalok sila ng mga serbisyo sa komunikasyon kabilang ang pantulong na teknolohiya para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa paningin o pandinig, American Sign Language o kadalubhasaan sa iba pang mga wika.

Nagbibigay ang mga team ng Disaster Survivor Assistance ng pakikiramay at paggalang sa unahan ng bawat pakikipag-ugnayan, at sila ay inihandang tulungan ang mga residente na mag-apply para sa tulong, kahit na sa pinakamahirap na kondisyon.



Para sa pinakabagong impormasyon sa mga pagsisikap sa pagbawi ng wildfire ng Maui, bisitahin ang mauicounty.gov at fema.gov/disaster/4724. Sundin ang [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) sa Twitter at sa facebook.com/fema.



FEMA

Page 2 of 2